

Mga Kagamitang Pampagtuturong Ginagamit sa mga Asignaturang Filipino

Julgina N. Sali¹, Mary Jane R. Ajijun², Rachel L. Martin³, Kent Cyrie O. Abing⁴, Edilyn A. Jainal⁵

^{1&2}(Undergraduate Student, Bachelor of Secondary Education, Western Mindanao State University)

³(Master of Arts in Language Teaching (Filipino), Western Mindanao State University)

⁴(Master of Arts in Education (Filipino), Western Mindanao State University)

⁵(Assistant Professor 2, Western Mindanao State University)

ABSTRACT : Teachers have an important role to play in enhancing students' learning, which is important for their future success. Their ability to teach has a direct impact on the learning and development of their learners, and they can make learning more engaging by selecting instructional materials that are suitable for the class. In this paper, the researchers aim to determine what instructional materials are best for college students, specifically for Filipino-related subjects. The researchers gathered the data in order to determine the level and factors involved in the use of instructional materials. As a sort of quantitative research, this study documents, calculates, and analyzes the level of use and other aspects by gathering data using a survey questionnaire. In connection with this, it was discovered that there is a significant difference in the use of traditional and modern instructional materials in teaching Filipino subjects. Students often used modern instructional materials because of the factors that it makes the preparation easier in general. Based on the results, the researchers gave a conclusion and made recommendations to further develop the study.

KEYWORDS - *Filipino, IMRaD, Instructional materials, Modern, Traditional.*

ABSTRAK : Ang mga guro ay may pinakamahalagang responsibilidad sa pagkatuto ng mga mag-aaral para sa kanilang magandang kinabukasan. Ang abilidad ng guro na magkaroon ng koneksyon sa pagkatuto at paghahasa sa kakayahan ay nakadipende rin sa kakayahan nitong pumili ng angkop na mga kagamitang pampagtututo na magbibigay buhay sa pagkatuto sa loob ng silid-aralan. Ang pagtuklas ng gagamitin sa pamamaraan ng pagtuturo ang pinakalalayunin ng pag-aaral na ito. Kung kaya, ang pananaliksik ay nakatuon sa mga ginagamit na kagamitang pampagtuturo ng mga mag-aaral partikular na sa mga asignaturang Filipino kung kaya, ang mga mananaliksik ay nangalap ng datos upang malaman ang antas at salik sa paggamit ng kagamitang pampagtuturo. Ang pag-aaral na ito ay isang uri ng kuwantitatibong pananaliksik kaya idinukumento, kinalkula at sinuri ang antas ng paggamit maging ang mga salik sa pamamagitan ng pangangalap ng datos gamit ang sarbey kwestyuner at pagkatapos ay inilarawan ito bilang isang uri nang deskriptibong papel. Dahil dito, natuklasan na may makabuluhang pagkakaiba sa paggamit ng tradisyunal at makabagong kagamitang pampagtuturo, mas ginagamit ng mga mag-aaral ang makabagong kagamitang pampagtuturo dahil mas napapadali nito ang paghahanda sa pangkabuoan. Kaya batay sa naging resulta, nagbigay ang mga mananaliksik ng konklusyon at rekomendasyon upang mas mapaulad pa ang nasabing pag-aaral.

MGA SUSING SALITA- *Filipino, Kagamitang pampagtuturo, IMRaD, Moderno, Tradisyunal.*

I. PANIMULA

Sa larangan ng pagtuturo, ang pagkatuto ng mga mag-aaral ang pinakamahalaga sapagkat dito makikita kung gaano kagaling at kabihasa ang isang guro sa pagbibigay ng mga bagong kaalaman sa kaniyang mga mag-aaral. Higit pa rito, kaakibat ng pagtuturo ang mga kagamitang kinakailangan sa paghahatid ng mas mahusay na mga estratehiya para sa inaasahang pagkatuto ng mga mag-aaral sa ibat-ibang asignatura. Saad nina Saavedra et al., (2022), sa kasalukuyan, ang kaguruan ay kinakailangang patuloy na pagbutihin ang kanilang propesyunal na gawain para mapanatili at makasabay sa mga napapanahong uso, metodo ng pagtuturo, at teknik sa larang ng edukasyon. Sa makabagong panahon, kasabay ng pag- usad ng teknolohiya ang paraan ng pagtuturo ng kaguruan sa mga mag-aaral. Higit na mas dumarami na ang paraan kung paano maihahatid sa mga mag-aaral ang mga paksang kinakailangang matutuhan na hindi nawawala ang tradisyunal na pagtuturo. Ang tradisyonal na kagamitang pampagtuturo ang ating nakagisnan at nakasanayan, Ayon kay Cielo A. et al., (2019), ang tradisyonal na paraan ng pagtuturo ay isang lumang paraan ng pagtuturo na kung saan ang mga guro ang

pangunahing manlalaro sa silid-aralan habang ang mga mag-aaral ay tagapakinig lamang. Ang karaniwang paraan ng pagtuturo ay ang paggamit ng chalk at talk, visual aid, pag-uulat, at iba't ibang aktibidad na humahantong sa interaksyon ng guro at mag-aaral. Kaugnayan dito, ang pamamaraan ng pagtuturo ng guro ay may malaking epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda naman, sa makabagong panahon, Ayon kay Saavedra (2018), ang makabagong teknolohiya ay naging daan sa pag-usbong ng makabagong pamamaraan sa kung paano natatamo ng mga mag-aaral ang kanilang mga kaalaman at mapaunlad pa lalo ang kanilang kakayahan. Ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya tulad ng laptop, computers, at internet ay isa rin sa dahilan na nagpabago sa kung paano ang proseso ng pagtuturo. Karagdagan dito, Ayon kay Shepherd (2013), may kabutihang hatid ang paggamit ng "Multimedia" sa klase gaya ng mga sumusunod : nagiging aktibo at nakikisali sa talakayan ang mga mag-aaral ; mas nagiging interesado mula sa mga itinuturo ng mga guro gamit ang "Powerpoint presentation" ; nadadagdagan ang kanilang kaalaman tungkol sa teknolohiya at dahil dito ay hindi sila magiging walang muwang sa patuloy na pag-unlad nito. Higit pa rito, sa pag-unlad ng teknolohiya sa kasalukuyan ay dumarami na rin ang mga naiimbentong gamit na makatutulong na maging batayan sa mas magandang kalidad ng edukasyon, mayroon na tayong mga personal computers, laptop, tablet, iba't ibang klase ng mga cellular phones, projector, at marami pang iba.

Gayunpaman, nasa guro pa rin ang pagpapasya sa pamamaraang kanyang gagamitin na alam niyang magiging angkop sa bunga ng pagkatuto na nais niyang makamtan o matamo ng kanyang mga mag-aaral, angkop sa sitwasyon, angkop sa kakayahan at gayon din sa uri ng paksang-aralin at asignaturang kanyang ituturo. Kaugnayan rito, Ayon kina Saavedra et al., (2020), bagaman lumabas sa kanilang pag-aaral na ang mga guro ay 'mataas ang kakayahan', kinakailangan pa rin na patuloy na hinahasa ang kakayahan upang magkaroon ng maayos na pagbabago mula sa pagtuturo lamang sa loob ng pisikal na silid-aralan patungo sa makabagong pamamaraang birtwal gamit ang makabagong teknolohiya ngunit sa pag-aaral na ito ay hindi lamang tinitignan ang kakayahan at persepsyon ng kaguruan bagkus pati na rin ang mga mag-aaral lalo pa't ang mga mag-aaral ang sentro ng pagkatuto sa mga kagamitang pampagtuturong gagamitin sa mga asignaturang Filipino na isa sa mga asignaturang pinapahalagahan noon hanggang ngayon. Ito ay alinsunod sa Saligang Batas 1987 ng Republika ng Pilipinas at ipinagtibay ng Ched Memorandum Order (CMO) Bilang 20 serye 2013. Ang pag-aaral ng wikang Filipino ay napakahalaga sapagkat kahit alam nating bigkasin ang wikang ito ay marami pa tayong kailangang malaman at matutuhan na sa paaralan lamang malilintang.

Ayon sa mga pag-aaral ay magiging mabisa ang pagtuturo ng mga mag-aaral kung naayon at maayos ang napiling kagamitang pampagtuturong ginamit. Bagaman nabanggit sa pag-aaral ni Dimitrios, B. et al., (2013), na mas ginagamit ang makabagong kagamitang panturo sa panahon ngayon ay hindi naman nabanggit ang mga salik o dahilan kung bakit ito ginagamit ng mga mag-aaral at dahil dito nais namang malaman ng mananaliksik kung pareho ba ang magiging resulta at malaman ang mga salik o dahilan ng paggamit nito sa gagawing pag-aaral sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao na may magkatulad na pag-aaral. Kaya naman ang mga mananaliksik sa kasalukuyan ay nagganyak na magsagawa ng pag-aaral upang malaman kung anong kagamitang pampagtuturo ang mas ginagamit sa mga mag-aaral upang ituro ang malawak na saklaw ng asignaturang Filipino.

II. KAUGNAY NA LITERATURA

2.1 Pagkatuto sa Asignaturang Filipino

Mataas ang pagtanaw ng bawat indibidwal partikular na ng mga Pilipino sa aspektong edukasyon. Malaki ang kanilang pagpapahalaga sa larangang ito kahit na anong gawin ng bawat mamamayan ay inuuna ang pagpapaaral sa bawat nasasakupan nila. Dahil naniniwala ang bawat indibidwal na sa pamamagitan ng edukasyon ay magkakaroon ng pagbabago sa sarili at lipunang kinabibilangan. (Bondoc, 2017)

Ayon kay Sanchez (2017), Filipino ang kinagisnang wika nating mga Pilipino, kung tutuusin ay malaki ang magiging adbentahe ng mga mag-aaral sa asignaturang ito dahil ayon kay Nolasco sa isinulat ni Villafuerte noong 2022, ay mahalaga ang wikang kinagisnang o wikang sinuso dahil sa pamamagitan ng wikang ito ay natututo ang mga bata. Dito rin nakabatay ang pag-unlad ng kaniyang kaalaman. Masasabing malaki ang papel ng pagtataya sa inaasahang pagkatuto ng isang bata sa asignaturang Filipino. Bawat guro ay may iba't ibang paraan ng pagtataya na naaayon sa sitwasyon at sa paksang tinalakay. Kailangan ang pagtataya upang makamit ang itinakdang layunin ng guro sa bawat paksang kaniyang itinuturo. Ito ay ang pag-alam kung ang mga estudyante ay may matutuhan sa paksang kaniyang tinalakay. Ang pagtataya/pagsusulit ay isang panukat na ginagamit ng mga guro upang sukatin ang paglalapat ng mga pagkatuto pagkatapos ng isang pagtuturuan. (Gajo, 2016)

Ayon naman kay Cabigao (2021), anuman ang husay ng mga pamamaraan at kagamitan ng guro sa pagtuturo, huwag pa rin nating kalilimutan ang malaking ambag ng mga magulang at ng tahanan sa lubos na pagkatuto ng mga mag-aaral. Habang tayo ay nagpapakahusay sa pagdukal ng karunungan sa larangan ng pagtuturo, alalahanin natin na ang pakikipag-ugnayan ng guro sa tahanan ng mga mag-aaral ay isang mahalagang estratehiya upang patuloy na mahikayat ang mga mag-aaral na makatugon sa mga pangangailangan ng kanilang mga asignatura sa paaralan.

2.2 Mabisang Pagtuturo gamit ang Tradisyonal o Makabagong Kagamitang Pampagtuturo

Sa mga nagdaang ilang taon ay unti-unting napapansin ang kahalagahan ng mga kagamitang pampagtuturo at bilang pagsasaalang-alang sa kapakanan ng mga mag-aaral na magkaroon ng makahulugan at mabisang pagkatuto at pag-aaral, ang guro ay gumagamit ng mga kagamitang pampagtuturo. Ang Kagamitang Pampagtuturo ay mga kagamitang ginagamit ng kaguruan upang italakay ang mga paksang-aralin. Ito rin ay bilang pagsasaalang-alang sa kapakanan ng mga mag-aaral upang magkaroon ng mabisa at makabuluhang pagkatuto kaya ang guro ay gumagamit ng mga ito, (Abad, 2001).

Ayon kay Senarita (2000), Hindi lamang ang tradisyonal na kagamitan ang may nabago sa edukasyon at lalong-lalo na sa mag-aaral sapagkat lumikha rin ng pagbabago ang teknolohiya. Dagdag pa ni Edgardo (2004), totoong magagamit ang makabagong teknolohiya sa edukasyon sa Pilipinas at maaaring maging daan upang masolusyonan ang kakulangan sa libro at iba pang kagamitan sa pagtuturo. Dagdag pa niya, magiging maganda ang epekto ng makabagong kagamitan sa pagtuturo dahil mapupunan nito ang mga kakulangan na matagal ng kinakaharap ng ating bansa na may kaugnayan sa edukasyon.

Ngunit ayon kay Riel (2013), totoong malaki ang epekto ng teknolohiya sa edukasyon ngunit dapat huwag nating kalimutan na kung may epekto ito sa edukasyon ay gayon din sa buhay ng mga mag-aaral dahil baka maging kabaliktaran lamang ang magiging epekto nito, imbes na mapabuti ay lalong mapasama. Dagdag niya, kailangan pag-aralang mabuti ng guro ang paggamit nito bilang sila rin ang gagamit ng midyum na ito at ipabatid sa mag-aaral ang epekto nito kung di magagamit sa maayos na pamamaraan.

Ayon nga kina Hall at Liebowitz (1994), "The choice of instructional materials can have an impact as large as or larger than the impact of teacher". Nangangahulugan lamang ito na kailangang maging angkop ang mga kagamitang ginagamit ng isang guro sa pagtuturo, napapanahon at nakasasabay sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

Sinabi pa ni Aguilar (2013), ang paglinang ng mga guro ng mga kagamitang pampagtuturo at kaniyang kasanayan ay makatutulong nang malaki sa pagtuturo. Subalit ito ay nangangailangan ng pagtitiyaga, pagtitis, lakas ng loob at pagiging maparaan ng guro. Kailangang pinag-isipang mabuti at hindi lamang sariling kapakanan ang inisip sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo, isa sa pinakamahalagang tungkulin ng isang guro ay ang masiguro na may matutuhan ang mga mag-aaral sa itinuturo gamit ang gagamitin niyang kagamitan, tradisyonal man o makabagong kagamitan sa pagtuturo.

2.3 Filipino bilang Asignatura

Isa ang Filipino sa mga asignaturang itinuturo sa bawat paaralan sa bansang Pilipinas. Ang asignaturang Filipino ay tumatalakay sa pag-aaral ng tamang paggamit ng ating wika, mga kayamanang literatura sa ating bansa, tulad ng mga akda ng mga batikang manunulat, at iba pang mga kaalaman na kailangan natin bilang mga Pilipino. Kasama na natin ang asignaturang Filipino mula pa noong tumungtong tayo ng elementarya. Ayon kay Tasic (2016), isinulong ni dating Pangulong Manuel L. Quezon noong 1940 ang Executive Order No. 263 na nag-uutos sa lahat ng pribado at pampublikong paaralan na isama sa kurikulum ang pagtuturo ng wikang pambansa. Ito ngayon ang tinatawag nating asignaturang Filipino. Ang asignaturang Filipino ay tinuturo sa mga paaralan mapa-pribado o pampubliko man upang mapanatili ang pagiging makabansa ng mga kabataang Pilipino.

Ayon kay Peregrino (2014), hindi dapat tignan ang wikang Filipino bilang kursong pang komunikasyon lamang. Iba ang kurso o larangang komunikasyon na nakapokus sa proseso at pagpoproseso ng mga ugnayan, samantalang ang asignaturang Filipino na hango sa disiplina o larangang o araling Filipino ay naglalaman ng malawak at malalim na pag-iral ng wika na salamin ng kultura. Simula noong inaprubahan ang programang K-12 ng dating pangulo na si Benigno Aquino III ay nagkaroon ng maraming pagbabago sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas, bilang tugon sa napapanahong sistema ng edukasyon sa iba't ibang bansa. Isa sa mga nais isulong ay ang pagtatanggal ng Asignaturang Filipino sa kolehiyo. Ang Commission on Higher Education o CHED ay isa sa mga nangangasiwa ng edukasyon sa Pilipinas. Sila ay nagbibigay ng mga iskolarship at tulong pinansyal upang masiguradong makakapag- tapos ng pag-aaral ang mga estudyante. Noong Agosto 2018, Buwan ng Wika, sila ay nag apela sa Korte Suprema na ipatupad ang CHED Memorandum Order no. 20 series of 2013 o ang pagbago sa General Education Curriculum (GEC) na magtatanggal ng asignaturang Filipino sa kolehiyo at palitan ito ng Asignaturang Hangul kung saan ang asignatura at wikang ito ay ginagamit sa bansang Korea. Pinangangambahan naman ng grupong Tanggol Wika ang tuluyang pagtanggap sa mga asignaturang Filipino at panitikan sa kolehiyo. Noong taong 2015, pinagbigyan ng Korte Suprema ang grupo ng mga guro sa kanilang apela na huwag ituloy ang nais ng Commission on Higher Education na pagtanggap sa Filipino at panitikan sa kolehiyo. Naglabas ng TRO ang Korte Suprema para mapanatili ang Filipino at panitikan sa general curriculum sa kolehiyo kasama ang iba pang asignatura gaya ng Math, Science, Technology, at Philippine history. Nakatuon ang Filipino sa tamang paggamit ng wikang Filipino, habang ang panitikan ay nakatuon naman sa pagbabasa at literatura.

Ayon pa sa propesor, kinakailangang gawing mandatory ang pagkakaroon ng asignaturang Filipino sa mga kolehiyo at unibersidad dahil kung iaasa sa mga unibersidad ang opsiyonal na pagkakaroon nito, malabong magkaroon ito ng espasyo sa kurikulum. Kinakailangan rin umangon magkaroon ng matibay na wikang pambansa. Sa bandang huli, iba-iba man ang mga naging pananaw sa isyung pagtatanggal ng asignaturang Filipino ngunit sa huli ay iisa parin ang isinusulong, ang mabigyan ng kahalagahan ang asignaturang Filipino sa lahat ng pamantasan sa buong Pilipinas. Kaya labis ang tuwa ng karamihan dahil dininig ang kanilang hinaing sa pagbabalik nito sa piling kurso dahil ibig sabihin lamang nito ay patuloy ang magagawang pag-aaral sa asignaturang Filipino.

III. BATAYANG TEORETIKAL

Ang pananaliksik na ito ay binigyang pokus ang teoryang konstruktibismo ng edukasyon na tungkol sa paggamit ng mga kagamitan sa pagtuturo na may kinalaman sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon kina Mascolo at Fischer (2005), ang konstruktibismo ay isang teorya ng pagkatuto na pinaniniwalaan na ang kaalaman ay pinakamahusay na nakukuha sa pamamagitan ng isang proseso ng pagninilay at aktibong pagbuo sa isip. Isang kadahilanan sa pagbatay ng mga mananaliksik sa teoryang ito ay dahil hindi lamang ang guro ang maaaring maging tagagawa ng kagamitang panturo, ang mga mag-aaral ay ini-engganyo ring paghusayan ang kanilang pagiging masining sa aktibong pagbuo ng mga kagamitang panturong kanilang ginagamit upang italakay ang mga paksa sa loob ng silid-aralan partikular na sa asignaturang Filipino. Dahil dito, mas napapahusay ng mga mag-aaral ang paggamit at pagkatuto sa anumang asignaturang kanilang pag-aaralan dahil sila mismo ang tumuklas at bumuo nito.

IV. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang kagamitang pampagtuturo na ginagamit sa mga asignaturang Filipino. Ang pag-aaral din na ito ay may layuning masagot ang mga sumusunod na tanong :

1. Ano ang pangkalahatang antas ng paggamit ng Kagamitang Pampagtuturo ng mga kolehiyong mag-aaral sa kanilang Asignaturang Filipino ?
2. Ano ang antas ng paggamit kung ang mga datos ay paghahatiin batay sa :
 - a. tradisyunal na kagamitang pampagtuturo
 - b. makabagong kagamitang pampagtuturo
3. Ano ang mga salik sa pagpili ng mga kagamitang pampagtuturo sa mga asignaturang Filipino ?

V. HIPOTESIS

Mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng paggamit ng tradisyunal at makabagong kagamitang pampagtuturo. Ito ay sinuportahan din ng pag-aaral ni Dimitrios, B. et al. (2013) na kung saan natuklasan sa kaniyang pag-aaral na makabagong kagamitang pampagtuturo ang ginagamit sa mga ibang pang asignatura. Ibig sabihin, may posibilidad na isa sa mga kagamitang pampagtuturo ay mas mataas ang makukuhang mean score na nangangahulugang mas ginagamit sa mga asignaturang Filipino.

VI. METODOLOHIYA

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga pamamaraang ginamit ng mga mananaliksik, paraan ng pagpili ng taga-tugon, instrumentong ginamit, pagtitipon ng datos, at estadistikal na pamamaraang ginamit.

6.1 Disenyo

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng deskriptibong paraan ng pananaliksik. Layunin nitong ilarawan ng mga mananaliksik ang mga kagamitang pampagtuturong ginagamit sa pagtuturo sa mga asignaturang Filipino. Pinakita sa pag-aaral na ito ang pananaw ng mga mag-aaral ukol sa kagamitang panturong ginagamit sa kanilang pag-aaral sa anumang paksa na may kaugnayan sa asignaturang Filipino gayon din upang malaman ang mga salik o dahilan sa paggamit ng mga kagamitang panturo na ito. Ang Descriptive Survey Research Design na gumagamit ng talatanungan, ang uri ng descriptive method na piniling gamitin ng mga mananaliksik upang magkolekta, mag-analisa, at maghinuha sa mga datos. Ito rin ay ginamit upang lalong mapagtibay ang mga datos na nakalap. Ang mga mananaliksik ay naniniwalang angkop ang ganitong uri ng metodolohiya sapagkat mas mapadadali ang pagkuha at pagsuri ng mga datos sa malaking bilang ng tagatugon.

6.2 Sampling

Ang mga mananaliksik ay ginamit ang paraang Random Sampling sa kadahilangang kukuha ang mananaliksik ng kalahok sa malawak na saklaw ng mag-aaral sa Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro. Sa pamamagitan ng pagbuo nang tatlong grupo na mula sa mag-aaral sa ika-unang antas na kumukuha ng asignaturang Filipino, kukuha ang mananaliksik ng kabuoang tatlumpung (30) kalahok, tig-sasampung (10) kalahok mula sa tatlong magkakaibang seksyon.

6.3 Pagpapatibay ng Instrumento

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng talatanungan o sarbey kwestyuner bilang pagkukuhanan ng datos na siya ring magsisilbing patunay sa pagkalap ng datos. Ito ay ibinatay sa ginawang instrumento ni Peralta P.M., (2021) na may titulong “Epekto ng Makabagong Kagamitang Panturo”. Ang pag-aaral tungkol sa kagamitang panturo na ginagamit sa pagkatuto sa mga asignaturang Filipino ay mas lalong mapapatibay sa pagmamagitan ng pag-ugnay ng mga sagot ng mag-aaral sa salik o dahilan sa kanilang paggamit ng tradisyunal at makabagong kagamitang pampagtuturo. Kaugnay dito, ang mga tanong na nakapaloob sa sarbey kwestyuner ay hinati sa apat (4) na bahagi, kabilang dito ang mga sumusunod : (1) Antas ng paggamit ng tradisyunal na kagamitang panturo, (2) Antas ng paggamit ng makabagong kagamitang panturo, (3) Mga salik/ dahilan ng paggamit ng tradisyunal na kagamitang panturo, at (4) Mga salik/ dahilan ng paggamit ng makabagong kagamitang panturo. Siniguro ng mga mananaliksik na masasagot nito ang mga layunin ng isinagawang pag-aaral.

Higit pa rito, sa pagpapatibay ng instrumentong ginamit, minabuti ng mga mananaliksik na hingin ang tulong ng kanilang ika-una at ikalawang guro sa pananaliksik upang maging malinaw, maayos, makatotohanan at matibay ang bawat detalyeng nilalaman ng talatanungan. Kaugnay rito, humingi rin ang mga mananaliksik ng tulong sa estadistika upang malaman kung reliable o mapagkakatiwalaan ang gagamiting instrumento ng mga mananaliksik para sa magandang kalalabasan ng resulta ng mga datos na nakalap. Mula sa payo ng estadistika, sinimulan ng mga mananaliksik na magsagawa ng pilot testing upang mas mapatibay pa ang instrumentong ginamit. Ilang beses ding pinalitan at inayos ng mga mananaliksik ang mga dapat baguhin bago makagawa ng isang pinal na talatanungan. Sa tulong ng pagpapatibay na ito, nakasisiguro ang mga mananaliksik na masasagot ang mga layunin sa bawat tanong sa talatanungan.

6.4 Pangangalap ng mga Datos

Isang talatanungan ang unang binuo ng mga mananaliksik. Humingi ng pahintulot ang mga mananaliksik sa Dekano ng Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro kung maaaring mangalap ng datos at makapagsarbey ang mga mananaliksik. Pagkatapos mabigyan ng pahintulot ay nagsimulang mangalap ng datos ang mga mananaliksik sa mga mag-aaral ng Edukasyong Pangguro. Binigyan ng consent form ng mga mananaliksik ang mga kalahok at ipinaalam sa kanila kung ano ang pag-aaral at sinabi na ang kanilang pagtugon ay boluntaryo. Ito’y isinakatuparan partikular sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao, Zamboanga City. Taong Panuruan 2022-2023.

6.5 Reliability Testing

Nagsagawa ng pilot testing sa sampung (10) kalahok na kumukuha ng asignaturang Filipino ngunit sa ibang antas ng mag-aaral sa kolehiyo ng edukasyong pangguro upang malaman kung mapagkakatiwalaan ba ang instrumentong ginamit ng mga mananaliksik sa isasagawang pag-aaral.

TALAHANAYAN 1 *Overall reliability*

Cronbach's Alpha	Cronbach's Alpha Based on Standardized Items	No. of Items
.821	.859	50

Ipinapakita sa itaas na talahanayan ang naging resulta ng pangkalahatang reliability test. Nakakuha ng Alpha na 0.821 ang reliability test na isinagawa para sa instrumentong ginamit sa pangangalap ng datos. Ibig sabihin, ang instrumentong ginamit para sa pag-aaral ay mapagkakatiwalaan dahil mas mataas ito sa standard na bilang ng reliability na umaabot lamang ng 0.7. Sa kabuoan, nakitang pare-parehong mas ginagamit ng mga tagatugon ang makabagong kagamitang pampagtuturo.

6.6 Estatistikang Ginamit

Ang pangunahing estatistikang ginamit ng mga mananaliksik ay ang *weighted mean* kung saan ito ay nakatutulong upang makuha ang antas ng paggamit ng tradisyunal at makabagong kagamitang pampagtuturo.

Ginamit din ang mga mananaliksik ang *fourpoint likert scale* upang makuha ang paglalarawan sa katumbas na bigat para sa antas ng paggamit ng mga tradisyunal at makabagong kagamitang pampagtuturo.

TALAHANAYAN 2 Interpretasyon ng Datos

Bigat	Katumbas	Interpretasyon
1	1.0 – 1.75	Hindi kailanman ginagamit
2	1.76 – 2.50	Minsan lamang ginagamit
3	2.51 – 3.25	Ginagamit
4	3.26 – 4.0	Laging ginagamit

Ang mga mananaliksik ay kinuha din ang *frequency* at katumbas na porsyento ng mga datos para sa salik o dahilan ng paggamit ng mga kagamitang panturo para sa sumang-ayon at hindi sumang-ayon. Sa pangkabuoan ay gumamit ang mga mananaliksik ng SPSS, ito ay may kakayahang mapadali ang pagkuha ng resulta ng estadistikang nabanggit.

VII. RESULTA AT PAGTATALAKAY

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga resulta sa isinagawang pag-aaral. Ito ay nakabase sa mga nakalap na datos tungkol sa kagamitang pampagtuturo partikular na sa *mean score*, at ang interpretasyon nito. Inilahad din ang mga salik/dahilan ng paggamit na ipinapakita sa bawat talahanayan.

7.1 Ano ang pangkalahatang antas ng paggamit ng Kagamitang Pampagtuturo ng mga kolehiyong mag-aaral sa kanilang Asignaturang Filipino?

TALAHANAYAN 7.1.1 Pangkalahatang Paggamit ng Kagamitang Panturo

Kagamitang Pampagtuturo	Mean score	Interpretasyon
1. Makabagong kagamitang panturo	3.19	Ginagamit
2. Tradisyunal na kagamitang panturo	2.63	Ginagamit

Legend: 1.0 – 1.75- Hindi kailanman ginagamit 2.51 – 3.25- Ginagamit
1.76 – 2.50- Minsan lamang ginagamit 3.26 – 4.0- Laging ginagamit

Makikita sa Talahanayan 3 na ang may mataas na pangkalahatang antas ng paggamit ang makabagong kagamitang pampagtuturo na may *mean score* na 3.19 kung ikukumpara sa tradisyunal na kagamitang pampagtuturo na may *mean score* 2.63. Nangangahulugang ito ang mas ginagamit ng mga kalahok para sa kanilang pagtuturo sa mga asignaturang Filipino.

Kaugnayan rito, pareho ang natuklasang resulta sa naging pag-aaral nina Ghavifekr, S. & Rosdy, W.A.W. (2015). Ayon sa ipinahayag sa naging resulta ng pag-aaral nila na may titulong “*Teaching and Learning with Technology: Effectiveness of ICT Integration in Schools*”, natuklasan na ang pagtuturo at pagkatuto na nakabatay sa teknolohiya ay mas epektibo kumpara sa tradisyonal. Ito ay dahil, ang paggamit ng mga kasangkapan at kagamitan sa ICT ay maghahanda ng isang aktibong kapaligiran sa pag-aaral na mas kawili-wili at epektibo para sa parehong mga guro at mag-aaral.

Sa pangkabuoan, kahit sa magkaibang pag-aaral ay makikita pa rin na ang mas ginagamit na kagamitang pampagtuturo ay ang makabagong kagamitang pampagtuturo na nangangahulugang sumasabay na sa pagbabago ng teknolohiya ang paraan ng pagtuturo ng asignaturang Filipino.

7.2 Ano ang antas sa paggamit ng tradisyunal at makabagong kagamitang pampagtuturo?

TALAHANAYAN 7.2.1
Antas sa Paggamit ng Tradisyunal na Kagamitang Pampagtuturo

Paggamit ng Tradisyunal na Kagamitang Panturo	Mean score	Interpretasyon
Museum	1.73	Hindi kailanman ginagamit
Globo	1.80	Minsan Lamang ginagamit
Exhibit	2.17	Minsan Lamang ginagamit
Bulletin Board	2.20	Minsan Lamang ginagamit
Poster	2.77	Ginagamit
Pisara/ Chalk Board Display	2.97	Ginagamit
Ilustrasyon	3.07	Ginagamit
Mga larawan	3.13	Ginagamit
Libro/pahayagan	3.23	Ginagamit
Visual Aids	3.23	Ginagamit

Legend: 1.0 – 1.75- Hindi kailanman ginagamit 2.51 – 3.25- Ginagamit
 1.76 – 2.50- Minsan lamang ginagamit 3.26 – 4.0- Laging ginagamit

Makikita sa Talahanayan 4 ang pangkabuoang paggamit ng Tradisyunal na kagamitang pampagtuturo. Kung ito ay irarango ayon sa krayterya ay makikitang kadalasang ginagamit ng mga kalahok ang “*Visual Aids*” na may mean score na 3.23, sinundan naman ito ng “*Libro/Pahayagan*” na nakakuha ng mean score na 3.23, at sumunod ang mga sumusunod; Larawan na may mean score na 3.13, Ilustrasyon na may mean score na 3.07, Pisara/Chalkboard Display na may mean score na 2.97, at Poster na may mean score na 2.77. Samantala, Minsan lamang ginagamit ang Bulletin board na may mean score na 2.20, Exhibit na may mean score na 2.17, at Globo na may mean score na 1.80, at pinakahuli naman ay Hindi kailanman ginagamit, ang Museum na may mean score na 1.73. Ibig sabihin lamang na sa tradisyunal na kagamitang pampagtuturo ay mas ginagamit ang visual aids dahil nakakuha ito ng pinakamalaking mean score sa lahat ng mga kagamitang pampagtuturo.

Ipinahayag sa pag-aaral nina Cielo et al., (2019) na may pamagat na “*Effectiveness of Traditional Method of Teaching in Academic Performance of General Academic Strand Students at Bestlink College of the Philippines*”, isinaad na sa pamamagitan ng paggamit ng mga tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo, mas madali para sa mga mag-aaral na makipag-usap sa kanilang mga guro, na nagbibigay ng mga bagay na may kaugnayan sa pag-aaral at mga katanungan na madaling matugunan. Ibig sabihin, hindi pa rin nagpapahuli ang tradisyunal na kagamitang pampagtuturo upang maging isang instrumento sa pagtuturo sa mga asignaturang Filipino.

Sa pangkabuoan, limitado na lamang ang paggamit ng mga tradisyunal na kagamitang pampagtuturong ginagamit sa kolehiyo na nangangahulugang mas nakatuon na ang pamantasan sa mga pagbabagong pangteknolohiya na kung saan napapabilis nito ang paghahatid ng kaalaman sa mga mag-aaral.

TALAHANAYAN 7.2.2
Antas ng paggamit ng Makabagong Kagamitang Panturo

Paggamit ng Makabagong Kagamitang Panturo	Mean score	Interpretasyon
Tablet	2.07	Minsan lamang ginagamit
Telebisyon/ TV	2.77	Ginagamit
Speaker	2.87	Ginagamit
YouTube	3.00	Ginagamit
Kompyuter	3.10	Ginagamit

Paggamit ng e-classroom, google classroom, atbp. Sa pagbibigay ng paksa o takdang-aralin.	3.30	Laging ginagamit
Projector	3.47	Laging ginagamit
Laptop	3.60	Laging ginagamit
Cellphone	3.87	Laging ginagamit
Paggamit ng Powerpoint Presentation atbp.	3.90	Laging ginagamit

Legend: 1.0 – 1.75- Hindi kailanman ginagamit 2.51 – 3.25- Ginagamit
1.76 – 2.50- Minsan lamang ginagamit 3.26 – 4.0- Laging ginagamit

Makikita sa Talahanayan 5 ang kabuoang ginagamit na teknolohiya. Kung irarango, ang ginagamit ng mga kalahok ayon sa krayterya ay mapapansin na laging ginagamit ang “Powerpoint Presentation” na may mean score na 3.90, sinundan naman ito ng “Cellphone” na may mean score na 3.85, at kasunod naman ang mga sumusunod ayon sa pagkakasunod-sunod; Laptop na may mean score na 3.69, Projector na may mean score na 3.47, at Paggamit ng e-classroom, google classroom, at iba pa na may mean score na 3.30. Samantala, Ginagamit naman ang Kompyuter na may mean score na 3.10, YouTube na may mean score na 3.00, Speaker na may mean score na 2.87, Telebisyon/TV na may mean score na 2.77, at ang panghuli na Minsan lamang ginagamit, ang Tablet na may mean score na 2.07. Nangangahulugan lamang na sa makabagong kagamitang pampagtuturo ay mas ginagamit ang power point presentation sa pagtuturo sa mga asignaturang Filipino.

Kaugnay rito, ipinahayag ni Bhalla, J. (2013), na sa nakalipas na dekada, ang teknolohiya ay ginagamit sa iba't ibang mga paraan at para sa isang hanay ng mga layunin. Ito ay pinapalitan at isinasayos upang mas mapaganda pa ang paggamit nito. Kaugnay rito, kasabay ng pagbabago ng mga lumang teknolohiya ay binabago rin ang iba pang bagong teknolohiya upang hindi mapag-iwanan at makasabay sa iba. Sa katunayan, ito ay isa sa mga pangunahing paraan kung bakit ang pag-aaral ay nagiging madali, at masiya kaya naman napakaraming mag-aaral ang sumasangguni sa teknolohiya para sa kanilang pag-aaral. Sa pangkabuoan, dahil mataas ang makuhang means score ng makabago nangngahulugan lamang ito na totoong mas tinatangkilik ang paggamit ng teknolohiya sa kolehiyong mag-aaral.

7.3 Ano ang mga salik sa pagpili ng mga kagamitang pampagtuturo sa mga asignaturang Filipino?

TALAHANAYAN 7.3.1

Mga Salik o Dahilan ng Paggamit ng Tradisyunal na Kagamitang Panturo

Mga Salik/ Dahilan sa Paggamit ng Tradisyunal na Kagamitang Pampagtuturo	Sumasang-ayon		Hindi Sumasang-ayon	
	Frequency	(%)	Frequency	(%)
1. Natututo ako ng mga impormasyon sa libro.	30	100	-	-
2. Madaling matukoy ang paksa gamit ang ilustrasyon.	30	100	-	-
3. Madali kong nasasaulo ang paksa kapag sinusulat ko ito.	30	100	-	-
4. Nakakakuha ako ng impormasyon sa mga libro o pahayagan.	29	96.7	1	3.3
5. Mas naiintindihan ko ang tinatalakay gamit ang visual aids.	29	96.7	1	3.3

Makikita sa Talahanayan 6 ang mga salik sa paggamit ng tradisyunal na kagamitang pampagtuturo na nakakuha ng mataas na frequency at porsyento sa pagsagot ng sumasang-ayon sa sinagawang sarbey. Ang mga salik na “Natututo ako ng mga impormasyon sa libro”, “Madaling matukoy ang paksa gamit ang ilustrasyon”, at “Madali kong nasasaulo ang paksa kapag sinusulat ko ito” ay nakakuha ng pare-parehong frequency na 30 na may katumbas na isang-daang porsyento (100%). Na nangangahulugang sa lahat ng salik ay ito ang kanilang labis na sinag-ayunan. Samantala, ang mga salik na “Nakakakuha ako ng impormasyon sa mga libro o pahayagan”, at “Mas naiintindihan ko ang tinatalakay gamit ang visual aids” ay parehong nakakuha ng

frequency na 29 na may katumbas na siyam na pung anim at pitong porsyento (96.7 %). Nangangahulugan lamang na isang tagatugon sa bawat salik ang hindi sumang-ayon. Sa pangkabuoan, suportado ng mga mag-aaral ang mga kagamitang panturong tulad ng libro, ilustrasyon, at maging panulat at papel sa pagsasaulo ng mga paksa sa asignaturang Filipino na ibig sabihin ay ito ang mas ginagamit nilang kagamitang pampagtuturo.

TALAHANAYAN 7.3.2

Mga Salik o Dahilan ng Paggamit ng Makabagong Kagamitang Panturo

Mga Salik/ Dahilan sa Paggamit ng Makabagong Kagamitang Pampagtuturo	Sumasang-ayon		Hindi Sumasang-ayon	
	Frequency	(%)	Frequency	(%)
1. Mas napapadali ang pagtatalakay kapag may projector.	30	100	-	-
2. Mas napapadali ang gagawing gawain sa tulong laptop.	30	100	-	-
3. Mas ma daling makakalap ng mga impormasyon gamit ang internet.	30	100	-	-
4. Mas madaling matuto ng mga paksa kapag tinatalakay gamit ang powerpoint presentation.	30	100	-	-
5. Paggamit ng speaker sa panonood ng videos upang mas mapakinggan at maunawaan ang mga paksa.	30	100	-	-

Makikita naman sa Talahanayan 7 ang mga salik sa paggamit ng makabagong kagamitang pampagtuturo na nakakuha ng mataas na *frequency* at porsyento sa sinagawang sarbey. Nakakuha ang salik na “Mas napapadali ang pagtatalakay kapag may projector”, “Mas napapadali ang gagawing gawain sa tulong laptop”, “Mas ma daling makakalap ng mga impormasyon gamit ang internet”, Mas madaling matuto ng mga paksa kapag tinatalakay gamit ang powerpoint presentation”, at “Paggamit ng speaker sa panonood ng videos upang mas mapakinggan at maunawaan ang mga paksa” ng kabuoang *frequency* na 30 na may katumbas na isang-daang porsyento (100%). Ibig sabihin, ang mga salik na ito ang mas sinang-ayunan nila sa paggamit ng makabagong kagamitan sa pagtuturo. Sa pangkalahatan, ayon sa naging resulta at maging mga dahilan ng mga kahahok, ang may mas mataas na antas ng paggamit ay Makabagong kagamitang pampagtuturo kung ito ay ikukumpara sa Tradisyunal na kagamitang pampagtuturo na nangangahulugang mas ginagamit ito sa pagtuturo sa mga mag-aaral partikular na sa asignaturang Filipino.

VIII. KONKLUSYON

Sa isinagawang pag-aaral, ang mga mananaliksik ay nakabuo ng mga hinuha na ayon sa mga sumusunod: Una (1), mas ginagamit ang makabagong kagamitang pampagtuturo sa mga asignaturang Filipino partikular na sa mga kagamitang powerpoint, cellphone, laptop, projector at iba pa, pangalawa (2), dapat isaalang-alang ng mga guro ang mga salik sa pagpili ng kagamitang pampagtuturo, angkop sa edad, kakayahan, at panahon ng mga mag-aaral na tuturuan, pangatlo (3), lumabas man sa resulta na mataas ang antas ng paggamit sa makabagong kagamitang pampagtuturo, hindi rin dapat kalimutang gamitin ang Tradisyunal na kagamitang pampagtuturo dahil ayon sa resulta ay pareho pa rin silang ginagamit, pang-apat (4), makabagong kagamitang pampagtuturo ang ginagamit sa pagtuturo sa mga asignaturang Filipino kung kaya’y dapat matugunan ng pamantasan ang mga kagamitang ito na saklaw ang malawak na populasyon ng mga mag-aaral sa Kolehiyo ng Edukasyong Pangguro, at panlima (5), kung makabago ang mas ginagamit sa pagtuturo ng mga mag-aaral sa mga asignaturang Filipino ay dapat mapalawig pa ang kaalaman ng guro sa paggamit ng teknolohiyang nabanggit upang magamit ito ng wasto na walang pag-aalinlangan para sa mga mag-aaral na tuturuan. Kaugnayan dito, sa batayang teoretikal, napatunayan ng mga mananaliksik na may kaugnayan nga ang teoryang konstruktibismo sa pagpapahusay ng mga mag-aaral sa paksang aaralin na may kinalaman sa paggamit ng kagamitang pampagtuturo dahil ayon sa mga naging salik ay mas napapabilis ang pagkatuto ng mga mag-aaral kung sila ang gagawa ng visual aids, museum, poster, mga videos at iba pa. Dahil dito, mas madali nilang nauunawaan ang mga paksang itinalakay.

IX. REKOMENDASYON

Batay sa mga matuklasang resulta at sa ginawang konklusyon, ang mga mananaliksik ay inirerekomenda na kung may magkaparehong pag-aaral ay maglaan pa ng panahon upang isagawa nang masusi at mahusay ang pag-aaral, maghanap pa ng ibang instrumentong mapagbabasehan, at maaari ring pumili na magsagawa sa ibang antas na lebel ng kalahok. Inirerekomenda rin ng mga mananaliksik ang mga sumusunod:

(a) Maaaring dagdagan ang baryabol ng pag-aaral, maaaring pagbatayan ang naging grado sa asignaturang Filipino ng mga kalahok sa pagiging mabisa ng kagamitang pampagtuturong ginagamit sa parehong Tradisyunal at Makabago. (b) Dahil naging mas mataas ang antas ng paggamit ng makabagong kagamitang pampagtuturo, inirekomenda rin na magsaliksik pa ng ibang estratehiya na ginagamitan ng makabagong kagamitang pampagtuturo ng mga guro o maging ng mga mag-aaral upang mapabilis at mapabisa pa ang gagawing pagtuturo sa asignaturang Filipino. (c) Inirekomenda ng mga mananaliksik na kung maaaring dagdagan ang mga makabagong teknolohiya na talagang magagamit ng mag-aaral sa pagtatalakay ng paksa hindi lamang sa asignaturang Filipino ngunit pati na rin sa iba pang asignatura partikular na sa mga kagamitang telebisyon o projector na may kompletong kasangkapan upang makonekta sa laptop, maging ang speaker para sa mga *videos* na ipapakita sa loob ng klase, at iba pa.

REFERENCES

- [1] A. Saavedra, E. Banua, R. Ajibon, F. Aukasa, S. Muhajil, and H. Najam, Evaluating Teachers' Teaching Performance: As Basis for Mentoring and Technical Support, *Neuro Quantology*, 20(13), 2022, 896-904.
- [2] A. Cielo, M. Lopez, J. Torres, A. Tenio, and A. DF Effectiveness of Traditional Method of Teaching in Academic Performance of General Academic Strand of Students at Bestlink College of the Philippines, Ascendends Asia Singapore - *Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research*, 1(1), 2019.
- [3] A. Saavedra, Technology Engagement and Writing Skill: An Analysis Among Elementary-Grade Filipino Learners, *Webology*, 15(1), 2018.
- [4] P.M. Peralta, Epekto ng Makabagong Kagamitang Panturo, *Academia.edu*, 2016.
- [5] A. Saavedra, A. Antonio, R. Probitchado, C. Ricohermoso, and J. De la Rama, Gender Differences in Technological Competence among Science Teachers: Implications, *International Journal of Advanced Science and Technology*, 29(7), 2020, 13257-13268.
- [6] B. Dimitrios, L. Sdrolias, K. Nikolaos, M. Koutiva, and A. Koustelios, Traditional Teaching Methods Vs. Teaching Through the Application of Information and Communication Technologies in The Accounting Field: Quo Vadis? *European Scientific Journal*, 9(28), 2013, 73-101.
- [7] R. Sanchez, and A. Gamalindo, Ang importansya ng Asignaturang Filipino sa klasrum, *The Lance*, 2017.
- [8] P. Villafuerte, Wikang Katutubo: Tanghal ng Yaman at Kalinangang Katutubo, *dokumen. tips*, 2020.
- [9] P. Gajo, Pagsusulit at Ebalwasyon Fil 20, *scrbd.com*, 2016.
- [10] J. Cabigao, Class Observation Post-Conference Framework for Teachers, *International Journal of Academic Multidisciplinary Research*, 5(2), 2021, 256-258.
- [11] H.M. Inocencio, J. Amurao, S.A. Felomina, E.A. Francisco, B. Gubatan, R. Guevarra, J.J. Holgado, J.M. Hongco, S. Honda, and K.A. Tenorio, Pagtatanggal ng Asignaturang Filipino sa Kolehiyo: Epekto sa mga Mag-aaral ng Bachelor of Secondary Education sa Bulacan State University, *Scrbd.com*, 2017.
- [12] B. Brau, Constructivisn, *Brigham Young University*, 2022.
- [13] S. Ghavifekr, and W.A.W. Rosdy, Teaching and Learning with Technology: Effectiveness of ICT Integration in Schools, *International Journal of Research in Education and Science*, 1(2), 2015, 175-191.
- [14] J. Bhalla, Computer Use by School Teachers in Teaching-Learning Process, *Journal of Education and Training Studies*, 1(2), 2013.